




MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

MGA MADALAS ITANONG SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO (VBM)

ANO ANG HITSURA NG BAGONG BALOTA NG VBM?


Ang mga balota ng VBM ay magiging buong kard ng balota na naglalaman ng lahat ng impormasyong kinakailangan upang makaboto. Depende sa laki ng halalan at sa bilang ng mga labanan sa balota, ang pakete ng VBM ay maaaring maglaman ng maraming kard na may mga labanan sa harap at sa likod.

Kung hihiling ka ng mga materyal ng halalan sa wika maliban sa Ingles, makakatanggap ka ng balota ng VBM sa wikang hiniling mo.



ANO ANG HITSURA NG BAGONG SOBRE NG VBM?

Ang mga sobre ng VBM na inisyu mula sa opisina ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles ay mayroong selyo kung saan mababasa ang: Opisyal na Koreo ng Halalan na Pinahintulutan ng Serbisyong Pangkoreo ng U.S. Bukod pa rito, makikita mo ang sagisag ng County sa bawat sobre. Para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa VBM, mangyaring tumawag sa 1-800-815-2666, opsyon 2.



PAANO AKO HIHILING NG BALOTA NG VBM NA NASA WIKA MALIBAN SA INGLES?

Tumawag sa seksyong mga serbisyo sa iba't-ibang wika ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles sa (800) 815-2666, opsyon 3 upang humiling ng mga materyal ng halalan sa ibang wika.

PAANO AKO MAKAKAHILING NG BALOTA NG VBM?

Maaari kang humiling ng balota ng VBM online sa [LAvote.net](https://www.lavote.net) o sa pamamagitan ng pagsagot at pagbalik sa pabalat sa likod ng buklet ng halimbawang balota sa opisina ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles.

KAILANGAN KO BANG IBALIK ANG LAHAT NG KARD NG BALOTA PARA MABILANG ANG AKING MGA PINILI?

Hindi, maaari mong ibalik ang alinmang kard ng balota kung saan mo gustong bumoto. Tandaan, ang bibilangin lang ng opisina ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles ay ang mga kard na ibabalik mo. Ang hindi pagbabalik ng lahat ng kard ng balota ay hindi makakaapekto sa mga kard na ipinadala mo pabalik.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG MASIRA O MAWALA KO ANG AKING MGA KARD NG BALOTA NG VBM?

Kung masira o mawala mo ang isa o higit pa sa iyong mga kard ng balota, maaari kang humiling ng mga kapalit na materyal nang hanggang 7 araw bago ang Araw ng Halalan. Kung humiling ng kapalit, magpapadala kami ng bagong pakete ng VBM. Kung wala nang 7 araw bago ang Araw ng Halalan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa (800) 815-2666, opsyon 2.





MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

MGA MADALAS ITANONG SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO (VBM)

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN SA AKING UNANG HANAY NG MGA MATERYAL NG VBM KUNG HUMILING AKO NG BAGONG HANAY?

▲ Isulat ang “Walang Bisa” sa lahat ng lumang materyal at itapon ang mga ito.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG LAGDANG NASA SOBRE PARA SA PAGBABALIK AY NAWAWALA O HINDI TUMUTUGMA SA LAGDA SA TALAAN ?

▲ Magpapadala sa koreo ang opisina ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles ng porma ng Walang Lagdang Panunumpa sa Balota na dapat mong sagutan at lagdaan. Magkakaroon ka nang hanggang 8 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan upang ibalik ang porma sa aming opisina upang mabilang ang iyong balota.

MAAARI KO BANG SUBAYBAYAN ANG AKING BALOTA NG VBM?

▲ Oo, katulad rin ng aming kasalukuyang proseso ng VBM, maaaring subaybayan ng mga botante ang kanilang mga balota online sa [LAvote.net](https://www.lavote.net).

PAANO KO MAIBABALIK ANG AKING BALOTA NG VBM?

▲ Maaari mong ibalik ang iyong balota ng VBM sa pamamagitan ng Mga Serbisyong Pangkoreo ng U.S. (USPS) sa pamamagitan ng paglalakip sa kinakailangang selyo. Kung gusto mo itong ihatid nang direkta sa amin, maaari mo itong ihulog sa alinmang lokasyon ng Paghulog ng Balota o sa alinmang lokasyon ng pagboto. Paano mo man ito ibalik, huwag kalimutang lagdaan at lagyan ng petsa ang iyong sobre para sa pagbabalik.

KAILAN SISIMULANG IPADALA ANG MGA BALOTA NG VBM?

▲ Sisimulan naming ipadala ang mga balota ng VBM 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang mga botanteng nakarehistro bilang Permanenteng VBM ay magsisimulang makatanggap ng kanilang mga balota ilang araw pagkatapos ng pagpapadala. Araw-araw ipoproseso ang mga isang beses na kahilingan at dapat matanggap ang mga ito sa loob ng ilang araw mula noong kahilingan.

ANO ANG KAILANGAN KO UPANG MASAGUTAN ANG BALOTA NG VBM?

▲ Ang mga balota ng VBM ay dapat sagutan gamit ang itim o asul na tinta.

ILANG SELYO ANG KAKAILANGANIN KO UPANG MAIPADALA ANG AKING BALOTA SA PAMAMAGITAN NG USPS?

▲ Para sa karamihan ng halalan, kakailanganin mo ng isang primera-klase na selyo upang maipadala pabalik ang iyong balota. Magsasama kami ng karagdagang impormasyon at mga tagubilin sa iyong pakete ng VBM kung kinakailangan ng dagdag na bayad sa selyo.

SAAN AKO MAAARING MATUTO PA TUNGKOL SA BAGONG KARANASAN SA VBM?

▲ Bisitahin ang [VSAP.lavote.net](https://www.vsap.lavote.net) upang matuto pa tungkol sa pananaliksik at disenyo na ginawa sa bagong karanasan sa VBM.

